Sangguniang Panglungsod

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

**KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 01-321**

**KAPASIYAHAN NA NAGPAPAHAYAG NG PAGTUTOL SA PANUKALANG PAGTATAAS NG TOLL RATES SA ELEVATED, AT-GRADE SECTION NG SKY-WAY SYSTEM, KASAMA ANG C-5, MERVILLE ENTRY AND EXIT POINTS AT ANG PAGTATALAGA SA PANLUNGSOD NA MANANANGGOL UPANG MAGING KINATAWAN NG LUNGSOD NG MUNTINLUPA SA MGA PAMPUBLIKONG PAGDINIG NA ISASAGAWA NG TOLL REGULATORY BOARD.**

****************************************************************************

Ipinanukala nina:
*Kgg. Mggl. Raul R. Corro*
*Kgg. Aldrin L. San Pedro*
*Kgg. Mggl. Jo Jason T. Alcaraz*
*Kgg. Mggl. Patricio L. Boncayao, Jr.*
*Kgg. Bal Niefes*
*Kgg. Nicanor L. Echavez, MD*
*Kgg. Victor L. Ulanday*
*Kgg. Dante S. Almario*
*Kgg. Elmer S. Espeleta*
*Kgg. Reynaldo A. Abas, Jr.*
*Kgg. Lucio B. Constantino.*
*Kgg. Artemio A. Simundac*
*Kgg. Allan Rey A. Camilon*

****************************************************************************

**SAPAGKAT,** alinsunod sa isang patalastas na inilathala ng Toll Regulatory Board, ang Philippine National Construction Corporation (PNCC) at Citra Metro Manila Tollways Corporation (CMMTC) ay naghain ng petisyon upang taasan ang toll rates sa Elevated Section, At-Grade Section, gayundin ang C-5 at Merville entry at exit points;

**SAPAGKAT,** sa nabanggit na petisyon, ang babayarang toll fee sa grade section mula Sucat patungong Alabang para sa Class 1 vehicle pa lamang ay aabot na sa Dalawampung Piso (P20.00) o mahigit tatlongdaang porsiyentong (300%) pagtaas sa dating sinisingil na Anim na Piso (P6.00);

**SAPAGKAT,** ang panukalang pagtataas ay hindi makatarungan dahil walang mga bagong pasilidad o pagbabago sa loob ng tollways upang ang PNCC at CMMTC ay magbigay ng napakalaking pagtataas;

**NGAYON, DAHIL DITO, PINAGPASIYAHAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD** na tutulan ang panukalang muling pagtataas ng toll rates sa Elevated, At-Grade Section ng Sky-way System, kasama ang C-5, Merville Entry and Exit points at ang pagtatalaga sa Panlungsod na Manananggol upang maging kinatawan ng Lungsod ng Muntinlupa sa mga pampublikong pagdinig na isasagawa ng Toll Regulatory Board.

**PINAGPASIYAHAN PA** na hikayatin ang mga manananggol ng Lungsod ng Muntinlupa na tumulong sa hakbanging ito sa pamamagitan ng pagkatawan sa lahat ng apektadong motorista at mamamayan ng Muntinlupa sa mga pampublikong pagdinig ng Toll Regulatory Board;

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

Sangguniang Panglungsod

*Pahina 2*
*Kapasiyahang Panlungsod Blg. 01-321*

**PINAGPASIYAHAN PANG MULI,** na pagkalooban ng sipi ng Resolusyong ito ang Toll Regulatory Board, Philippine National Construction Corporation, Citra Metro Manila Tollways Corporation, Barangay Chairmen, at lahat ng Homeowners' Association ng Lungsod ng Muntinlupa.

**PINAGTIBAY** ng *Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa* ngayong **14 Pebrero 2001** sa ginanap na ika-**114** ng Regular na Sesyon.

**SINANG-AYUNAN:**

**ALDRIN L. SAN PEDRO**
*Konsehal*

**VICTOR L. ULANDAY**
*Konsehal*

**Mggl. RAUL R. CORRO**
*Konsehal*

**DANTE S. ALMARIO**
*Konsehal*

**Mggl. JO JASON T. ALCARAZ**
Konsehal

**ELMER S. ESPELETA**
Konsehal

**Mggl. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
*Konsehal*

**REYNALDO A. ABAS, JR.**
*Konsehal*

**BAL NIEFES**
*Konsehal*

**LUCIO B. CONSTANTINO**
*Konsehal*

**NICANOR L. ECHAVEZ, MD**
*Konsehal*

**ALLAN REY A. CAMILON**
*Kinatawan ng Sektor*
*Pangulo*
*Pederasyon ng Sangguniang Kabataan*

**ARTEMIO A. SIMUNDAC**
*Kinatawan ng Sektor*
*Pangulo*
*Samahan ng mga Punongbarangay*

**LIBAN:**

**MARIO E. BULAY, JR.**
*Konsehal*

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines

Tel. Nos. 842-27-11 * 842-23-77
Fax No. 8426196

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

**Sangguniang Panglungsod**



**PINATOTOTOHANAN KO** ang katumpakan ng Kautusang ito.

**CECILIA C. LAZARTE**
*Kalihim*
**SANGGUNIANG PANLUNGSOD**

**PINATUNAYAN:**

**VICENTE Y. CHUA**
*Pangalawang Punonglungsod/Pangulong Opisyal*

**PINAGTIBAY:**

**Mggl. JAIME R. FRESNEDI**
*Punonlungsod*

Petsa:_______

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines

Tel. Nos. 842-27-11 * 842-23-77
Fax No. 8426196